

## Damit mo'y, damit ko rin: Ang kultura ng kasuotan bilang pagtanggap sa uri ng kasarian

Adigue, Andrea P. ✉

*Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City Nueva Ecija, Philippines*  
([andreaa@ineust.ph.education](mailto:andreaa@ineust.ph.education))

Cruz, Mary Joy P.

*Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City Nueva Ecija, Philippines*  
([padiernosmaryjoy15@gmail.com](mailto:padiernosmaryjoy15@gmail.com))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received:** 19 September 2024

**Revised:** 15 October 2024

**Accepted:** 20 October 2024

**Available Online:** 20 October 2024

**DOI:** 10.5861/ijrse.2024.24840

### ***Abstract***

This study aims to examine the perspective of LGBTQ on the role of dress code as part of their personal expression and self-development in the face of social norms. The results showed a complex relationship between dress code, identity, and social expectations. Dress code is not only a physical form of expression, but an important aspect of self-identification and acceptance. Despite the limitations and challenges from existing regulations, LGBTQ continue to find ways to express their true identity and achieve acceptance and respect for their gender. The study also shows the significant role of media and communities in shaping and strengthening gender identity and expression. However, it remains important to develop a more inclusive policy and vision to truly recognize and value the LGBTQ community's right to free self-expression.

***Keywords:*** clothing, gender identity, LGBTQ, social norms, personal expression

## Damit mo’y, damit ko rin: Ang kultura ng kasuotan bilang pagtanggap sa uri ng kasarian

### 1. Introduksyon

Ang isyu sa pagkakapantay-pantay ay isyung nananatili at hamon hanggang sa kasalukuyan. Sa Pilipinas kahit malayo na ang narating ng kababaihan sa larangan ng politika, negosyo, media, akademya, at iba pang larangan; nananatiling biktima pa rin sila ng diskriminasyon at karahasan. Ngunit hindi lamang sila ang nahaharap sa diskriminasyon at karahasan, maging ang mga kalalakihan rin ay biktima nito. Panghuli, ang tinawag ni Hillary Clinton (2011) na “*invisible minority*” ay ang mga LGBT, ang kanilang mga kuwento ay itinago, inilihim at marami sa kanila ang nanahimik dahil sa takot. Marami sa kanila ang nahaharap sa malaking hamon ng pagtanggap at pagkakapantay-pantay sa pamilya, paaralan, negosyo, lipunan at maging sa kasaysayan. Kaya naman ang *gender equality* o pantay na karapatan at oportunidad sa lahat ng kasarian ay dapat isulong at paigtingin sapagkat kung hindi magiging pantay ang turing, ito ay magdudulot ng hindi pantay na pagtrato.

Ang kultura ng kasuotan ay may malalim na koneksyon sa pagtanggap at pagpapahayag ng iba’t ibang uri ng kasarian. Ang mga damit ay hindi lamang nagsisilbing proteksyon o dekorasyon; ito ay isang anyo ng di-berbal na komunikasyon na nagpapakita kung paano nakikilala ang sarili at pagkakakilanlan ng kasarian. Sa konteksto ng kasuotan, hindi naiaalis ang mga tradisyunal na pamantayan ng kasarian, na nagiging sanhi ng pagkabalisa lalo na sa mga indibidwal na hindi tumutugma ang kanilang *gender identity* sa mga inaasahang pamantayan (Lauer, 1981). Ang paglilimita sa *gender identity* ay nagdudulot ng *pressure at identity gaps* na maaaring makaapekto sa emosyonal at mental na estado ng isang taong kinikilala pa lang ang kanyang identidad. Ang kakayahang pumili ng damit na umaayon sa kanilang *gender identity* ay mahalaga sa proseso ng pagtuklas sa sarili at pagtanggap ng lipunan (Meyer, 2003). Sa ganitong paraan, ang kasuotan ay nagiging isang makapangyarihang sukatan para sa pagpapahayag ng pagkakakilanlan at pagbuo ng komunidad. Gaano nga ba kahalaga sa bawat isa ang pagpapahalagang panlipunan? Ang pinakasimpleng panlipunang mga pahiwatig tulad ng isang ngiti, tango, magandang umaga, pagbati na bagay sa iyo ang iyong suot, dahil maganda at bagay sa iyo ito, ay mahalagang pagpapahalagang panlipunan. Ang mga nabanggit, kung minsan kahit pinakasimple ay hindi nabibigyang halaga ang “sikolohikal na pagpapalakas” na ibinibigay nila sa pagpapahalaga sa sarili at bilang isang tao. Ngunit ang katotohanan ay kahit na ang pinakamaliit na pakikipag-ugnayan at mga pahiwatig ay nagsisilbing mahalagang papel na nagpapatibay, na ang bawat isa ay kabilang at pinahahalagahan bilang bahagi ng lipunan.

Nag-uugat sa realidad ang karaniwang negatibong epekto sa mga tao kung sila ay hindi susunod sa mga pamantayan ng lipunan – katulad ng diskriminasyon, pambabastos, *harassment*, *bullying*, at pati na ang iba’t ibang uri ng karahasan. Isang halimbawa ng pag-aaral ay ang isinagawa ni Meyer (2003), na nagbigay-diin sa konsepto ng “*minority stress*” na naglalarawan kung paano ang mga miyembro ng *marginalized groups*, tulad ng LGBTQ+ *community*, ay nakakaranas ng matinding *stress* mula sa paghuhusga at stigma. Ang mga epekto nito ay maaaring magdulot ng hindi magandang kalusugang mental at depresyon (Meyer, 2003).

Lahat ng ito ay maaaring magdulot ng pangmatagalang epekto sa pisikal, emosyonal, sikolohikal maging sa kanilang hanapbuhay at katayuan sa buhay. Ito ang dahilan kung bakit kailangan ng bawat indibidwal ng suporta at pagtanggap (Quing, 2023).

Ang pag-aaral sa “Damit mo’y, Damit ko rin: Ang Kultura ng kasuotan bilang pagtanggap sa uri ng kasarian” ay mahalaga dahil ito ay nagbibigay-diin sa papel ng kasuotan sa pagpapahayag ng identidad at pagtanggap sa iba’t ibang anyo ng kasarian. Sa Pilipinas, ang mga tradisyunal na damit ay hindi lamang simbolo ng kultura kundi nagsisilbing salamin ng mga panlipunang inaasahan at mga pamantayan na maaaring maging sanhi ng diskriminasyon para sa mga indibidwal na hingi tumutugma sa mga ito (Alpas, 2022). Ang mga

nabanggit na literatura ang nag-uudyok sa mga mananaliksik na gawin ang pag-aaral na ito.

**Layunin ng Pag-aaral** - Pangkalahatang layunin sa papel na ito na galugarin ang kuwentong-buhay ng mga nabibilang sa LGBTQ batay sa kanilang karanasan sa pagsunod sa *dress code*. Ang tiyak na layunin ng pag-aaral na ito ay sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang epekto ng dress code sa pagpapahayag ng sarili at pagkakakilanlan ng isang LGBTQ?
2. Paano nakaaapekto ang dress code sa antas ng kompiyansa at kaginhawahan ng isang LGBTQ? At
3. Paano nakaaapekto ang paligid sa pagbuo ng sarili at pagpapahayag ng sekwal na pagkakakilanlan?

### 1.1 Kultura ng kasuotan bilang pagtanggap sa kasarian

Ang sari-saring pagtingin sa pagkatao ng isang indibidwal ay naglalaan ng posibilidad na higit sa kung ano ang sinasabi ng lipunan, may iba pang paraan upang unawain ang masalimuot na ideya ng pagiging tao sa pangkalahatan, at ng kaniyang kasarian sa partikular (Buenafior, 2020). Isang kritikal na bahagi ng pag-unlad ng pagkakakilanlan ay ang kasuotan o pananamit. Ang damit ay tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang indibidwal, o anumang "aspekto ng sarili kung saan ang mga indibidwal ay maaaring makipag-usap sa iba sa pamamagitan ng simbolikong paraan". Ang pag-usbong ng *genderless fashion* ay nagpapakita ng pagbabago sa pananaw ng lipunan patungkol sa kasarian, kung saan ang mga tao ay mas malayang nakapipili ng kanilang damit batay sa kanilang personal na estilo at hindi lamang sa kanilang *gender identity*. Ang ganitong uri ng pananamit ay nagiging daan para sa mas malawak na pagtanggap at pag-unawa sa mga pagkakaiba-iba sa kasarian, na nagreresulta sa mas inklusibong lipunan. Interpretasyon ang pananamit at ito ang mga ibinahaging kahulugan na kung minsan ay komplikado at maaaring mangailangan ng interpretasyon sa maraming antas, tulad ng kung paano ito isinusuot, sino ang nagsuot nito, at kung saan at kailan ito isinusuot.

Katulad ng multikultural na kaligiran ng Pilipinas, mahalagang punto de bista ang pagsusuri sa mga pang-araw-araw na patunay ng paglalahad ng sarili dahil ang personal na karanasan ay hindi naihihiwalay sa mas malawakan pang pambansang karanasan. Sa usapin ng kasarian, ang personal na talambuhay ng isang lalaki, babae, bakla, at lesbian, ay sumasalamin sa estruktura ng lipunan at kasaysayan na nagiging setting ng mga kuwentong ito. Kung may diskriminasyon man sa lipunang Filipino sa lente ng kasarian, mahalagang matalunton ang ugat nito at bakit kahit sa panahon ng modernidad, hindi pa rin natitibag ang mga sistema at estrukturang nagpapanatili ng kawalan ng pagkakapantay-pantay.

Sa maraming pagkakataon, ang mga pahiwatig ng hitsura ay nagpapahintulot sa iba't ibang pagkakakilanlan na makilala ng iba sa pamamagitan ng ang biswal na komunikasyong ito, ngunit nangangailangan ng patuloy na interpretasyon, bilang kultural nagbabago at nagbabago ang mga konteksto sa paglipas ng panahon. Ang kasuotan bilang anyo ng pagpapahayag ng sarili ay mula sa tradisyonal na pananaw, at ang pagdadamit ay kadalasang nakaayon sa kasarian. Gayunpaman, ang modernong pananaw ay nag-uudyok sa mas malawak na interpretasyon kung saan ang mga tao ay malayang pumili ng kasuotan batay sa kanilang nararamdaman at pagkakakilanlan, hindi lamang sa mga nakaugaliang isteryotipo (DiMaggio & Crane, 2002). Ang ganitong uri ng pananaw ay nagpapakita sa mas malawak na pagtanggap at pag-unawa sa iba't ibang anyo ng *gender identity*.

Ang kultura ng kasuotan ay isang mahalagang bahagi ng ating lipunan na naglalarawan hindi lamang kung sino tayo kundi pati na rin kung paano natin tinatanggap ang iba. Maaaring baguhin ang papanaw tungkol sa *gender identity*, kung mas bukas at malay ang bawat isa sa lipunang kinabibilangan.

### 1.2 Pagtatanghal bilang kaakuhan

Ang kasarian, na sentro ng konsepto sa sarili at pagkakakilanlan sa lipunan, ay karaniwang tinutukoy bilang pangunahing pakiramdam ng isang tao sa sarili bilang lalaki (hal., pagiging lalaki o lalaki) o babae (hal., pagiging babae o babae;). Ang *transgender* ay ang terminong ginamit upang ilarawan ang isang indibidwal na

ang pagkakakilanlan ng kasarian ay naiiba sa kanilang itinalagang kasarian sa kapanganakan at mga karanasan sa mga panahon ng *dysphoria* ng kasarian. Para sa mga *transgender*, ang hitsura at pananamit ay sentro sa proseso ng pagtuklas sa sarili, pagbuo, at pagtatanghal ng kasarian.

Hindi maitatangi ang pagkakategorya o isteryotipo ay namamayani pa rin sa lipunan. Ang mga kategoryang ito ay maaaring batay sa mga pagkakaiba sa antas, gaya ng kasarian, etnisidad at edad, o mga pagkakaiba sa mas malalim na antas, gaya ng personalidad o sekswalidad.

### 1.3 Pagbuo ng pagkakakilanlan

Ang pagkakakilanlan ay isang komplikadong konsepto na hinuhubog ng iba't ibang salik, kabilang ang kultura, kasarian, at personal na karanasan. Sa konteksto ng kasuotan, ang damit ay nagsisilbing makapangyarihang simbolo ng pagtanggap at pagkakakilanlan. Sinasalamin nito ang mga tradisyonal na inaasahan para sa mga lalaki at babae, ngunit nagbibigay din ito ng espasyo para sa mas malawak na interpretasyon. Sa kultural na konteksto, ang kasuotan ay nagsisilbing tagapagpahayag ng kultural na pagkakakilanlan. Ang kasuotan ay ang pagbuo ng sarili at nagiging ekstensyon ng personalidad.

Ang paraan kung saan tinutukoy ang sarili ay kinabibilangan ng mga sama-samang paniniwala at damdamin gayundin ang pagtatasa ng pisikal na sarili, na maaaring ipahayag sa pamamagitan ng ating pananamit at pag-uugali. Ang pagkakakilanlan ay mula sa sarili, mental na representasyon ng kung sino sa loob ng iba't ibang kontekstong panlipunan. Ang mga pagkakakilanlan ng isang tao (nakaraan, kasalukuyan, at mithiin) ay nabuo sa pamamagitan ng iba't ibang tungkuling ginagampanan nila sa lipunan (hal., kasarian) at bumubuo ng pandaigdigang konsepto sa sarili, na nakikita at ipinakita sa sarili at sa iba sa pamamagitan ng biswal na imahe. Sa kabuuan, ang kasuotan ay isang makapangyarihang instrumento sa pagbuo at pagpapahayag ng pagkakakilanlan.

## 2. Metodolohiya

Ginamit ang kwalitatibong pananaliksik sa pag-aaral na “Damit mo’y damit ko rin: Ang kultura ng kasuotan bilang pagtanggap sa uri ng kasarian, at partikular na ginamit ang social penomenologikal na dulog. Ang kwalitatibong paraan ay isang masinsin at malalim na pag-unawa sa iba't ibang indibidwal at sa kanilang mga karanasan kapag sila ay sumasailalim sa isang phenomena o kalagayan at pag-unawa sa mga karanasan sa kanilang pinaka natural na konteksto na naglalayong hayaan ang mga nananaliksik na magkaroon ng sulyap sa *punto de vista* ng mga kalahok (Creswell, 2013).

Ang resulta ng kwalitatibong pananaliksik ay higit na nakadepende sa natatanging pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga kalahok at ang mga mananaliksik, kaya ang paglalahaat o *generalization* ay hindi inaasahan sa ganitong uri ng pananaliksik. Ang likas na pasaklaw nito ay nagbigay-daan sa mga mananaliksik at gumawa ng mga hipotesis at konklusyon na batay sa mga paliwanag at pahayag ng mga kalahok kaya naman ang ganitong uri ng pananaliksik ay subjective sa isang kahulugan o persepsyon at biases ng mananaliksik na maaaring makaapekto sa mga resulta (Denzin, 2011).

Ginamit ng mga mananaliksik ang social penomenologikal na dulog na ang mga karanasan ay naipaliwanag ng mga kalahok batay sa kanilang sariling pananaw at ang mga datos na iyon ay ang tanging mga iyon na totoo at tiyak. Bilang karagdagan, ginamit din and “*exploratory methodological approach*” na nakatuon sa pagtatanong at pag-aaral.

Kaugnay nito, ang mga nakalap na datos mula sa mga pahayag ng mga respondente tungkol sa kanilang mga karanasan ay ginalugad at naging pundasyon ng pag-aaral. Ginamit ng mga mananaliksik ang *non-random, purposive sampling technique at chain-referral* at sadyang isinaalang-alang kung sino ang higit pa “mayaman sa impormasyon” at sa gayon ay nakapagbigay at nakatugon sa kung ano ang hinihingi ng kasalukuyang pag-aaral. (Saldana, 2016).

Ang sampling ay nagpahintulot sa mga mananaliksik na pumili ng mga kalahok na kumatawan sa tiyak na populasyon. Gayunpaman, ang mga mananaliksik ay kumuha lamang ng mas maliit na bilang ng mga respondente upang maging malalim at makabuluhan ang pag-aaral. Kaya, ang pag-aaral na ito ay binuo lamang ng limang (5) kalahok.

Ang mga sumusunod na pamantayan ay ginamit ng mga mananaliksik: a.) 18-25 na taong gulang; b.) Nabibilang sa LGBTQ na mula sa kolehiyo ng edukasyon at nagsusuot nang naayon sa sariling kagustuhan; c.) mga kalahok na handang mag kuwento ng kanilang mga danas hinggil sa kanilang pagdadamit.

Ginamitan nang *semi-structured in-depth* na gabay ang pakikipanayan. Ang semi-structured ay angkop na ginamit sa pag-aaral, dahil ang layunin nito ay matukoy ang mga karanasan ng mga kalahok partikular sa kanilang pagtatanghal sa sarili, at pagbuo ng pagkakilanlan. Ang ganitong uri ng gabay sa pakikipanayam ay mas naging magaan at komportable sa panahon ng talakayan. Sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang epekto ng *dress code* sa pagpapahayag ng sarili at pagkakakilanlan ng isang LGBTQ?
2. Paano nakaaapekto ang *dress code* sa antas ng kumpiyansa at kaginhawahan ng isang LGBTQ? At
3. Paano nakaaapekto ang paligid sa pagbuo ng sarili at pagpapahayag ng sekwal na pagkakakilanlan?

Ginamit ang mga sumusunod na gabay na tanong:

#### *Pagtatanghal sa sarili*

1. Komportable ka ba sa iyong kasuotan? Bakit?
2. Dapat bang tingnan ang iyong *cross dress* bilang pagkakakilanlan ng itsura? Bakit?
3. Ano ang iyong karanasan na may kaugnayan sa iyong *dress code*?
4. Noong ikaw ay bata pa lang, ninais mo bang magsuot ng kasuotan na taliwas sa iyong kasarian?

#### *Bumuo (lumikha, mapanatili, at baguhin) ang sarili*

1. Gaano ka komportableng makihalobilo sa iyong paligid? Bakit?
2. Ano ang iyong motibasyon sa pagpapahayag ng sekwal na pagkakakilanlan sa hitsura?
3. Nakaaapekto ba ang iyong kasuotan o *dress code* upang mabawasan ang iyong antas ng kaginhawahan at kumpiyansa sa sarili?
4. Sa maraming programa patungkol sa LGBTQ, nararamdaman ninyo ba ang lubos na pagtanggap ng lipunan sa mga kagaya ninyo? Oo o hindi? Ano ang mensahe mo?

### **Etikal na Pamantayan**

Inisagawa ang malalimang pakikipanayam sa mga miyembro ng LGBTQ upang makuha ang kanilang personal na karanasan at pananaw sa kasuotan bilang bahagi ng kanilang *gender identity*. Ang identidad at personal na impormasyon ng mga kalahok ay hindi ilalantad. Ang lahat ng datos na nakalap ay mananatiling kumpidensyal at ginamit lamang para sa layuning ng pag-aaral.

### **3. Resulta at Diskusyon**

#### *3.1 Epekto ng Dress Code sa Pagpapahayag ng Sarili at Pagkakakilanlan ng LGBTQ*

Ang *dress code* at pananamit ay may malaking impluwensya sa pagpapahayag ng sarili at pagkakakilanlan ng mga indibidwal, lalo na sa komunidad ng LGBTQ. Ayon sa mga pag-aaral, ang kakayahang magsuot ng damit na tumutugma sa *gender identity* ay mahalaga sa pagbuo ng *self-esteem* at pag-aangkin ng pagkakakilanlan (Fine, 2018). Ang pananamit ay isang makapangyarihang anyo ng personal na ekspresyon at nagsisilbing tulay para sa

pagtanggap sa sarili at ng iba (Connell, 2018; Campos et. al, 2022). Ang mga *transgender* na may kakayahang magsuot ng damit na tumutugma sa kanilang *gender identity* ay mas nakakaramdam ng kaligayahan at pagiging sapat (de Vries et al., 2019).

Gayunpaman, maraming institusyon tulad ng mga paaralan ang nagpapatupad ng mga patakarang hindi inklusibo sa *dress code*, na nagreresulta sa pagkadama ng pagkakahiwalay o diskriminasyon sa mga LGBTQ (Singh, 2020). Ang mga *dress code* na nakaayon sa tradisyonal na *gender norms* ay madalas na hadlang para sa mga *transgender* na magpahayag ng kanilang tunay na kasarian (Thorne, 2021). Ang pagkakaroon ng mas inklusibong *dress code policies* ay maaaring makatulong sa paglikha ng mas ligtas at suportadong kapaligiran para sa lahat ng estudyante, anuman ang kanilang kasarian o identidad (Clark, 2022).

Sa kabuuan, ang pananamit ay hindi lamang isang pisikal na anyo ng pagpapahayag kundi isang mahalagang bahagi ng pagkilala at pagtanggap sa sarili, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang *gender identity* at kalayaan sa personal na ekspresyon. Ang pagsuporta at pagtanggap sa iba't ibang uri ng pananamit at pagkakakilanlan ay mahalaga upang matiyak na ang lahat ng indibidwal, lalo na ang mga miyembro ng LGBTQ, ay may puwang upang maipahayag ang kanilang tunay na sarili nang walang takot o pagdududa.

Ang mga pananaw na ito ay nagpapakita ng komplikadong relasyon ng pananamit, pagkakakilanlan, at pamantayang panlipunan, pati na rin ang makabuluhang papel ng media sa paghubog ng *gender identity* at ekspresyon. Ang mga kasagutang ito ay naglalarawan ng patuloy na pagsisikap ng mga *transgender* na maipahayag ang kanilang tunay na sarili sa kabila ng mga hadlang ng lipunan at pamantayan sa kasuotan, at nanawagan para sa mas inklusibong mga patakaran na magpapahintulot sa tunay na pagkilala at paggalang sa kanilang kasarian at pagkakakilanlan. Naglalarawan ng mga karanasan ng pagyakap at pagpapahayag ng tunay na pagkatao sa kabila ng mga umiiral na hamon mula sa lipunan at mga institusyon. Ang pananamit ay hindi lamang isang pisikal na anyo ng pagpapahayag kundi isang mahalagang bahagi ng pagkilala at pagtanggap sa sarili, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa kanilang *gender identity* at kalayaan sa personal na ekspresyon.

### 3.2 Apekto ang *dress code* sa antas ng kumpiyansa at kaginhawahan ng isang LGBTQ?

Ang pananamit ay mahalagang bahagi ng pagpapahayag ng *gender identity* ng LGBTQ, ngunit ito'y patuloy na nahaharap sa mga hamon dahil sa mga umiiral na patakaran at pamantayan sa lipunan. Ang kanilang kumpiyansa at kaginhawahan ay kadalasang apektado ng mga regulasyon tulad ng *dress codes* na hindi sensitibo sa kanilang pagkakakilanlan, na nagdudulot ng *discomfort* at diskriminasyon. Gayunpaman, sa kabila ng mga hadlang, may mga LGBTQ na nakahahapan ng mga paraan upang ipahayag ang kanilang sarili sa mga ligtas at inklusibong espasyo ng LGBTQ. Ang pagsuporta ng mga komunidad at pagkakaroon ng inklusibong mga patakaran ay mahalaga upang mapataas ang kumpiyansa, gaya ng nabanggit nina Levitt et al. (2019) at Smith at Hart (2020), na nagpapatunay na mas bumababa ang *psychological distress* kapag may kalayaan silang magsuot ng damit na tumutugma sa kanilang *gender identity*.

Ang pagsusuot ng damit na akma sa *gender identity* ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng *self-esteem* at pakiramdam ng pagtanggap mula sa lipunan. Subalit, pinatutunayan ng pag-aaral ni McNeil et al. (2020) na madalas na hindi sensitibo ang mga umiiral na patakaran sa mga institusyon, na naglilimita sa *self-expression* ng LGBTQ. Ang mga kasagutan ay nagpapakita ng kahalagahan ng pananamit bilang bahagi ng pagpapahayag ng *gender identity* at ang epekto nito sa personal na kumpiyansa at pakikisalamuha sa iba. Gayunpaman, nananatiling hamon ang pagharap sa mga panlipunang pamantayan na hindi ganap na tumatanggap sa pagkakakilanlan ng LGBTQ na nagdudulot ng pagkakaroon ng limitadong espasyo para sa tunay na ekspresyon ng sarili. Ang patuloy na paghahanap ng mga paraan upang maipahayag ang kanilang sarili nang may respeto sa sarili, sa kabila ng mga umiiral na pamantayan sa lipunan.

Ang mga naging tugon ay naglalarawan ng kahalagahan ng pagpapahayag ng sarili sa pamamagitan ng

pananamit, lalo na sa konteksto ng *gender identity*. Sa kabila ng mga umiiral na limitasyon tulad ng *dress code*, patuloy na nagkakaroon ng lakas at kumpiyansa ang mga nasa LGBTQ na ipahayag ang kanilang tunay na pagkakakilanlan. Ang mas bukas na espasyo ay nagbibigay-daan para sa mas malalim na pakikipag-ugnayan at pagtanggap sa sarili, na nagdudulot ng mas positibong karanasan sa lipunan at komunidad. Ang mga sagot ay naglalarawan ng mga hamon na kinakaharap ng LGBTQ sa konteksto ng mga patakaran sa pananamit na hindi ganap na tumatanggap sa kanilang *gender identity*.

Bagaman mayroong pagkilala sa pangangailangan para sa respeto at limitasyon sa mga patakarang ito, malinaw na ang kakulangan ng inklusibidad ay nagdudulot ng *discomfort* at kakulangan ng kumpiyansa. Ang suporta mula sa komunidad, tulad ng mga guro, at ang positibong pananaw ay nakatutulong sa pagharap sa mga hamon na ito, subalit nananatiling mahalaga ang pagkakaroon ng mga patakarang tumatanggap at nagbibigyang halaga sa kanilang tunay na pagkakakilanlan.

### 3.3 Apekto ng paligid sa pagbuo ng sarili at pagpapahayag ng sekwal na pagkakakilanlan?

Ang patuloy na pakikibaka ng LGBTQ sa lipunan upang maipahayag ang kanilang tunay na pagkakakilanlan ay nagdudulot ng hamon sa kanilang mental at emosyonal na kalagayan (Del Castillo et al., 2021). Ayon kina Ryan et al. (2020) at Singh et al. (2019), ang kawalan ng inklusibong patakaran at pagtanggap ay nagpapataas ng panganib ng *anxiety at social exclusion* sa mga LGBTQ. Bagaman may mga positibong espasyo at programa na nagbibigay-daan sa kanilang pagpapahayag, ang tunay na pagtanggap at pantay na pagtrato ay nananatiling hamon, na nangangailangan ng mas malawakang pagbabago sa pananaw at patakaran sa komunidad at mga institusyon. Ang pagkilala sa karapatan ng LGBTQ bilang bahagi ng karapatang pantao ay mahalaga upang makamit ang isang lipunan na tunay na inklusibo at mapagmahal.

### 3.4 Rekomendasyon

1. Magkaroon ng inklusibong mga patakaran na magpapahintulot sa tunay na pagkilala at paggalang sa kasarian at pagkakakilanlan ng mga LGBTQ, at
2. Pagbibigay ng espesyal na kaganapan o mas inklusibong espasyo sa mga LGBTQ na maaaring magbigay ng mahalagang oportunidad para sa tunay na pagpapahayag ng sarili at pakikipag-ugnayan sa komunidad nang may kumpiyansa.

## 4. References

- Adoption-PSP-PSU. (2015). Retrieved from <https://simplyeducate.me/wp-content/uploads/2015/11/Adoption-PSP-PSU.pdf>
- Alpas. (2022). Fast fashion as a means to promote gender equality to Filipino young adults. DLSU Animo Repository. Retrieved from <https://animorepository.dlsu.edu.ph>
- Campos, M. del Castillo, C. Ching, G. del Castillo, F. (2022). Emotions towards God of select LGBTQs in the Philippines and the experience of shame. *Intersections: Gender and Sexuality in Asia and the Pacific*, 48.
- Clark, S. (2022). Toward inclusive dress codes: Promoting gender equity in educational institutions. *Journal of Inclusive Education*, 19(4), 245–260.
- Connell, C. (2018). Fashioning gender: Clothing as a tool for expressing identity in the LGBTQ+ community. *Journal of Gender and Society*, 25(2), 112–127.
- Creswell, J. W. (2013). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (3rd ed.). Sage Publications.
- de Vries, K., Witcomb, G. L., & Cohen-Kettenis, P. T. (2019). The role of clothing in the lives of transgender individuals. *Journal of Adolescent Health*, 64(6), 698–704.
- De La Salle University. (n.d.). Retrieved from <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-33/1/6-buenaflor.pdf>

- Del Castillo F, del Castillo CD, Ching G, Campos MS. Centrality of Religiosity among Select LGBTQs in the Philippines. *Religions*. 2021; 12(2):83. <https://doi.org/10.3390/rel12020083>
- Denzin, N. K., & Lincoln, Y. S. (Eds.). (2011). *The SAGE handbook of qualitative research* (4th ed.). Sage Publications.
- DiMaggio, P., & Crane, D. (2002). Fashion and its social agendas: Class, gender, and identity in clothing. *Contemporary Sociology: A Journal of Reviews*, 31(3), 303. <https://doi.org/10.2307/3089682>
- Fine, M. (2018). Clothing as identity: The role of dress in transgender self-expression. *Journal of Gender and Identity*, 24(3), 178–192.
- Hasaan Journal. (2016). Retrieved from <https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-III-2016-34-60.pdf>
- Hethorn, J., & Kaiser, S. (1999). Youth style: Articulating cultural anxiety. *Visual Sociology*, 14(1), 109–125. <https://doi.org/10.1080/14725869908583805>
- Lauer, R. H. (1981). *Clothes make the (wo)man: Gender performed through fashion as an agent of socialization* [Unpublished thesis]. Union College.
- Levitt, H. M., Ippolito, M. R., & DeWilde, C. (2019). Affirming gender identity: The role of clothing in transgender individuals' mental health and self-acceptance. *Psychology of Sexual Orientation and Gender Diversity*, 6(1), 43–52. <https://doi.org/10.1037/sgd0000337>
- McNeil, J., Ellis, S. J., & Bailey, L. (2020). School dress codes and the impact on LGBTQ+ youth: A critical review. *Journal of LGBTQ+ Youth*, 17(4), 455–472.
- Meyer, I. H. (2003). Prejudice, social stress, and mental health in gay men. *American Psychologist*, 58(5), 123–134.
- Quing, N. Q. (2023). Gender identity: Lalaki ba ako, babae, pareho, o wala sa nabanggit? I CHOOSE. <https://malayaako.ph/gender-identity-lalaki-ba-ako-babae-pareho-o-wala-sa-nabanggit/>
- Reddy-Best, K. L., & Choi, E. (2017). “Male hair cannot extend below plane of the shoulder” and “No cross dressing”: Critical queer analysis of high school dress codes in the United States. *Journal of Homosexuality*, 67(9), 1290–1340. <https://doi.org/10.1080/00918369.2019.1585730>
- Remarks in recognition of International Human Rights Day. (2011, December 17). U.S. Department of State. <https://2009-2017.state.gov/secretary/20092013clinton/rm/2011/12/178368.htm>
- Roach-Higgins, M. E., & Eicher, J. B. (n.d.). *Dress and identity*. University of Minnesota. Retrieved from <https://conservancy.umn.edu/bitstream/handle/11299/170351/Intro%20dress%20and%20identity%20roach%20higgins.ocr.pdf;sequence=1>
- Ryan, C., Russell, S. T., Huebner, D., Diaz, R., & Sanchez, J. (2020). Family acceptance in adolescence and the health of LGBT young adults. *Journal of Child and Adolescent Psychiatric Nursing*, 33(4), 291–304.
- Ryan, C., Toomey, R. B., & Diaz, R. M. (2020). Marginalization and mental health in LGBTQ+ individuals: The role of institutional discrimination. *American Journal of Public Health*, 110(9), 1306–1313. <https://doi.org/10.2105/AJPH.2020.305748>
- Saldana, J. (2016). *The coding manual for qualitative researchers* (3rd ed.). Sage Publications.
- Singh, A. (2020). Educational institutions and the challenges faced by LGBTQ+ students. *Journal of Inclusive Education*, 22(1), 45–60.
- Singh, A., Meng, S., & Hansen, J. (2019). Social exclusion and its effects on transgender identity formation in institutional settings. *Journal of LGBTQ+ Psychology*, 14(4), 459–474. <https://doi.org/10.1037/sgd0000339>
- Smith, J. (2020). The role of clothing in gender identity expression. *Journal of Gender Studies*, 45(2), 120–134.
- Strübel, J., & Goswami, S. (2022). Clothing and self concept in cisgender and transgender individuals. *Gender Issues*, 39(4), 387–408. <https://doi.org/10.1007/s12147-022-09296-9>
- Szmydke, J. (2022). Analyzing genderless fashion trends of consumers' perceptions on social media. *Fashion and Textiles*. <https://fashionandtextiles.springeropen.com/articles/10.1186/s40691-021-00281-6>
- Thorne, R. (2021). The impact of traditional gender norms on dress code policies in schools. *Journal of Social Issues*, 46(1), 89–105. Adoption-PSP-PSU. (2015). Retrieved from <https://simplyeducate.me/wp-content/uploads/2015/11/Adoption-PSP-PSU.pdf>
-